

## Mga gawi sa pag-aaral at akademikong marka ng kolehiyo sa kalagitnaan ng COVID-19 pandemya

Julsar T. Calonia<sup>1</sup>, Floresita D. Andress<sup>2</sup> Babby E. Singuran<sup>3</sup>,  
Ivy Claire A. Balakid<sup>4</sup>, Michelle T. Pantonial<sup>5</sup> Regine L. Alfuer<sup>6</sup>

<sup>1</sup>(Research Center, San Agustin Institute of Technology, Philippines)

<sup>2,3,4,5,6</sup>(College of Education, San Agustin Institute of Technology, Philippines)

**ABSTRACT** : Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay nag lalayong matuklasan ang makabuluhang impluwensya ng gawi sa pag-aaral sa akademikong marka ng kolehiyong mag-aaral ng San Agustin Institute of Technology. Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng quantitative, non-experimental design na ginagamitan din ng descriptive-correlational technique. Gamit ang inangkop na standardized questionnaire, sinuri ng mga mananaliksik ang nasa dalawang daan at tatlongpu't lima (235) na mag-aaral sa kolehiyo. Pinili ang mga respondente gamit ang simple random technique. Ang mga datos na nakolekta ay sinuri gamit ang frequency count, mean, Pearson r, at multiple regression. Kung ayon sa kasarian, mas marami ang mga kababaihan kung ikukumpara sa kalalakihan. Kung ayon naman sa antas ng taon, ang pinakamarami ay mga mag-aaral na nasa ikatlong taon. Sa antas ng mga baryabol naman, ang gawi sa pag-aaral ay nakakuha ng kabuuang antas na may katumbas na magandang gawi. Sa kabilang banda, ang karamihan ay nakakuha ng napakahusay (very good) na akademikong marka. Sa pagsusuri ng ugnayan sa baryabol, ang resulta ay nagpapakita na ang gawi sa pag-aaral ay may makabuluhang ugnayan sa akademikong marka. Gayundin sa resulta ng multiple regression analysis, ang gawi sa pag-aaral ay nagpapakita ng makabuluhang impluwensya sa akademikong marka. Nangangahulugan lamang na ang mga mag-aaral na palaging dumadalo sa klase, gumagawa ng magandang estratehiya sa pag-aaral, kumukuha ng tala sa mga talakayan, magaling sa pamamahala sa kanilang oras at gayundin laging handa sa kanilang pagsusulit ay nakakuha ng mataas na akademikong marka.

**KEYWORDS** : gawi sapag-aaral, akademikong marka, COVID-19 pandemya, Philippines

### I. PANIMULA

#### 1.Kaligiran ng Pag-aaral

Ang akademikong marka ng isang mag-aaral ay isang malaking indikasyon o tagapagpahiwatig ng pagiging epektibo ng pamamaraan ng pagtuturo ng isang guro, ang kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral, at maging ang pagiging epektibo ng isang paaralan o institusyon [1]. Samakatuwid, ang pagpapabuti ng akademikong marka ng mga mag-aaral ay ang pangunahing layunin ng mga paaralan at unibersidad at ang pundasyon ng tagumpay at pag-unlad sa anumang larangan ng pag-aaral [2]. Gayunpaman, sa kabila ng pagsikap ng mga kolehiyo at unibersidad na magkaroon ng magandang kalidad na edukasyon para sa mag-aaral, naging hamon parin ng mga tagapagturo ang walang motibasyon, mga di-magandang gawi, kulang sa konsentrasyon na iginugol ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral[3].At ang pinakamalubha, pinalala pa ito ng paglaganap ng COVID-19 pandemya [4]. Iniulat ng UNESCO na ang pandemya ay nakakaapekto sa buhay ng higit sa 1.6 bilyong mag-aaral at maging sa kanilang pag-aaral sa buong mundo. Bukod pa rito, ang pandemya ay nakakaapekto sa higit pa sa kalusugan ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang akademikong pakikipag-ugnayan at pangkalahatang personalidad na dahilan ng mababang akademikong marka at maraming *dropouts* [5][6].

Tulad ng ibang mga bansa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malaking pagbabago sa mga pamamaraan at sistema ng edukasyon. Pagpapaliban ng mga aktibidad sa labas ng bahay at istriktong pagpapatupad ngsocial distancing ang nagtulak sa mga paaralan na magpatupad ng mga makabagong sistema sa pagkatuto at pagtuturo sa larangan ng edukasyon.Tulad nalang ng *online class at modularclass*na sistema, na dinisenyou pang maiwasan ang pisikal na pakikipag-ugnayan at upang mabawasan at maiwasan ang panganib na mahawaan ang bawat isa sa nakakapinsalang dala ngbirus[6][7]. Gayunpaman, sa pagbabago ng sistema ay nakakabahala sa kadahilanang maraming mag-aaral ang nakaranas ng *stress*, tensyon, pagkabagot, kawalang-kasiyahan,kawalan

ng motibasyon at di-kayaayang gawi sa pag-aaral [5][8]. Ang pagkalat ng COVID-19 ay nagdala ng hindi kanaisnais na epekto sa mga mag-aaral kabilang na dito ang kanilang mga gawi at pang-araw-araw na gawain sa paaralan [9] [10] [11]. Kaya maraming mga eksperto na nanawagan sa lahat ng gobyerno sa bawat bansa na tugunan ang ganitong problema at pagtuunang pansin kung paano masusuportahan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral na mapanatiling maging aktibo, may motibasyon at may magandang gawi sa kasagsagan ng pandemya. Ayon sa pananaliksik ng mga dalubhasa [8] [11] na ang mababang antas ng gawi sa pag-aaral ay may negatibong epekto sa akademikong marka.

Batay sa inilathala nina Gumarang Jr. B. and Gumarang, B. [12] na ang Pilipinas ay isa sa may pinakamababang kalidad ng edukasyon. At naging lumala pa ito pagdating ng pandemya na dahilan sa biglaan ng pagbabago sa sistema ng pag-aaral (*modular o online learning*) at gayundin sa kulang o walang *access* sa kompyuters, mahina o walang *internet* at iba pang *digital* na kagamitan na nakakaapekto sa kanilang gawi sa pagkatuto [13]. Kaya, ang wastong obserbasyon na ito ay dahilan ng interes para sa mga mananaliksik na nagsasagawa ng isang pag-aaral para bisitahin ang kanilang gawi sa pag-aaral sa kadahilanang maraming mga estudyante ng San Agustin Institute of Technology ay nawalan ng motibasyon partikular sa mga gawaing pampaaralan. Gayunpaman, ang pananaliksik na ito ay hindi pa nagagawa, lalo na sa paaralang Katoliko sa Valencia City, Bukidnon, na nasa kalagitnaan ng pandemya.

Batay sa nabanggit na isyu, sinubukan ng mga mananaliksik na masuri ang lawak ng impluwensya ng mga gawi sa pag-aaral ng mga estudyante sakanilang akademikong marka. Sa partikular, ang mga layunin ay: (a) tukuyin ang antas ng gawi sa pag-aaral ng mga respondente ayon sa pamamahala ng oras, pagdadalo at paglalahok sa klasi, pangkalahatang pag-aaral at estratehiya, paghahanda sa pagsusulit at pagkuha ng tala, (b) tukuyin ang antas ng akademikong marka, (c) suriin kung ang gawi sa pag-aaral ay may makabuluhang ugnayan at epekto sa akademikong marka ng mga mag-aaral sa koliheyo.

## 2.Mga Kaugnay na Panitikan at Pag-Aaral

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga kaugnay na panitikan at pag-aaral na may makabuluhang epekto sa pagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral. Ang talakayan sa bahaging ito ay isinaayos ayon sa mga baryabol ng pag-aaral na kinabibilangan ng gawi ng pag-aaral at akademikong marka sa kolehiyo. Ito ay agad na sinusundan ng ugnayan sa pagitan ng mga panukala, balangkas teoretikal, batayang konseptwal, at iskematikong dayagram.

### 2.1 Gawi sa Pag-aaral

Ang mga gawi sa pag-aaral ay nag-iiba depende sa kung paano lumahok ang mga mag-aaral sa klase at natututo gamit ang iba't ibang pamamaraan at kakayahan. Samakatuwid, ang isang gawi sa pag-aaral ay kinabibilangan ng mga pag-uugali at kasanayan na maaaring pataasin ang motibasyon at gawing epektibo ang proseso sa pag-aaral para madagdagan ang pagkatuto at para makakuha ng mataas at kaaya-ayang marka. Ang pamamaraan at kasanayang ito ay tumutukoy sa anumang aktibidad na nagpapadali sa proseso ng pag-aaral tungkol sa isang paksa, paglutas ng mga problema, pagsasaulo ng bahagi o lahat ng mga inilathala na materyales. Sa katunayan, ang mga gawi sa pag-aaral ng isang mag-aaral ay ang susi sa kanilang akademikong tagumpay [1].

Ipinakita ng mga nakaraang pag-aaral na ang mabisang gawi sa pag-aaral ay kinabibilangan ng pag-aaral sa isang tahimik na lugar, pag-aaral araw-araw, *pag-off* ng mga *devices* na nakakasagabal sa pag-aaral (tulad ng TV at mga *smart phone*), pagkuha ng mga tala ng mahalagang nilalaman, pagkakaroon ng regular na pahinga, pakikinig sa malumanay na musika, pag-aaral batay sa sariling istilo ng pagkatuto, at pag-uuna sa mahihirap na nilalaman [14]. Sa kabilang dako naman, ang pag-aaral sa hindi tamang setting, pag-iwas sa pag-aaral, pagpapaliban, pakikinig ng malakas na musika habang nag-aaral, at panood ng telebisyon habang nag-aaral ay ilang pagkakataon ng hindi magandang gawi sa pag-aaral [15]. Sa pagsusuring ito, binubuo ng limang katagorya ang gawi sa pag-aaral. Ito ay ang *pamamahala ng oras*, *pagdadalo at paglalahok sa klase*, *pangkalahatang pag-aaral at estratehiya*, *paghahanda sa pagsusulit at pagkuha ng tala* [8].

**Pamamahala sa oras.** Ang unang katagorya sa gawi sa pag-aaral ay ang *pamamahala ng oras*. Ang *pamamahala ng oras* ay napakahalagang pag-uugali at kasanayan para mapabuti at madagdagan ang pagiging produktibo ng isang indibidwal sa anumang larangan ng gawain o trabaho lalong-lalo na pagdating sa larangan ng akademikong disiplina [16]. Ayon sa mga kilalang mananaliksik [17] [18] na sa buong kasaysayan, ang pagkakaroon ng malaking diin sa mabisa at mahusay na pamamahala ng oras ay susi nang tagumpay. Sa larangan ng edukasyon, ang pamamahala ng oras sa mga mag-aaral ay naiituring na malaking papel sa kanilang pag-aaral lalong-lalo na sa pagkuha ng mataas na akademikong marka [20]. Pinayuhan din na simulan ang pagsasanay sa pamamahala ng oras mula sa unang bahagi ng buhay estudyante. Ang pamamahala ng oras ay tinukoy din bilang isang paraan ng pamamahala sa sarili na may malinaw na diin sa oras at pag-unawa kung ano ang mga aktibidad na gagawin; kung paano gawin ang mga ito nang mas mahusay; sa anong oras ito dapat gawin at kailan ang tamang oras sa partikular na aktibidad. Naiugnay din ito sa mababang pagkabalisa at higit na tagumpay sa akademiko sa mga mag-aaral [16]. Ayon sa pag-aaral nina Khanam et al. [20], ang pamamahala

ng oras ay isa sa mga kasanayang nakakaapekto sa akademikong marka ng mga mag-aaral. Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng isang pag-aaral tungkol sa pamamahala ng oras at ang mga nakamit ng pang-akademiko ng mga respondent, na ang mga estudyante na nakakuha ng mataas na porsyento ay mayroon ding mataas na antas sa pangkalahatang pamamahala ng oras ay kritikal sa pagpapabuti ng pang-akademikong marka ng isang mag-aaral.

**Pagdadalo at Paglalahok sa Klasi.** Ang pagdadalo at paglalahok sa klase ay ang pangunahing responsibilidad ng mga mag-aaral sa paaralan ay makibahagi sa mga gawain o aktibidad na isinasagawa habang ang mga instruktur ay nasa talakayan. Ang kinalabasan ng paglalahok ng mag-aaral sa kanyang klase ay may malaking tulong upang mapaganda ang resulta ng akademikong marka. Ang pagdadalo at paglalahok sa klase ay nakakadagdag puntos para sa magandang gawi sa pag-aral at mataas na marka [21]. Ayon sa pag-aaral ni Bekkering at Ward[22], ang pagdadalo at paglalahok sa klase ay may positibong kaugnayan sa akademikong marka ng isang indibidwal na nagdudulot ng magandang resulta sa pang-akademiko. Sinang-ayunan naman ito ng pananaliksik ni Güreer [23], na ang *pagdadalo at paglalahok* ay may positibong kaugnayan sa isa't isa. Sa larangan ng edukasyon, ang *pagdadalo at paglalahok* sa klase ay napakahalagang baryabol upang makamit ang maganda at positibong resulta sa akademikong marka [24]. Sa kabilang banda, sinabi ni Schneider at Preckel[25] na ang antas ng akademikong marka ng isang mag-aaral ay na iimpluwensyahan ng kanyang pagdalo sa paaralan. Ayon sa may-akda, upang makakuha ng mas mahusay na mga marka, ang isang mag-aaral ay kailangang lumahok sa klase at iiwasan ang pagliban sa klase

**Pangkalahatang Pag-aaral at Estratehiya.** Ang mga diskarte sa pagkatuto ay tinukoy bilang isang hanay ng mga diskarte na ginagamit ng mga mag-aaral upang makakuha ng impormasyon at kaalaman, tulad ng pagkuha ng mga tala, pag-aayos ng impormasyon, pagbuod at pag-coding [26]. Ang pangkalahatang pag-aaral at estratehiya ay isang paraan ng pagkatuto na pinagsama-sama ang mga pamamaraan at kakayahan upang palawakin ang mga imahinasyon o kaisipan ng bawat isa. Ginagamit din ng mga estudyante ang taktikang ito upang mapabilis ang pagkatuto, at makakalap ng mga bagong impormasyon na makatutulong sa paglago ng akademikong marka ng isang indibidwal [27]. Gayunpaman, sa larangan ng edukasyon ang iba't ibang salik sa kontekstong pang-ekonomiya at kultural na background ng mag-aaral ay maaaring makaapekto nang malaki kaugnay sa pagitan ng mga estratehiya sa pag-aaral at tagumpay sa akademiko [28]. Base sa pagsusuri nina Montero at Arizmendiarieta [29], may 10 estratehiya sa pagkatuto. Ito ay binubuo ng elaborasyon, oras at pagsisikap, tiyaga, organisasyon, suporta ng mga kaklase, metakognisyon, pagtatanong sa sarili, kapaligiran ng pag-aaral, pag-uulit at tulong ng mga guro. Sa pananaliksik ng mga dalubhasa, ng mga estratehiyang ito ay napapatunayang may positibong impluwensya sa akademikong tagumpay at my positibong kaugnayan sa GPA ng mga mag-aaral [61] [62].

**Paghahanda sa Pagsusulit.** Ang pagsusulit ay kapaki-pakinabang habang sinusukat nito ang pag-unlad ng mag-aaral at para masubok ang mga kakayahan ng isang mag-aaral sa anumang larangan ng akademikong programa. Isa ito sa mga pinaka-importanteng gawain ng mga mag-aaral, ang pag-aaral ng materyal na nakakuha sa mga tagapagturo sa klase upang maging handa sa paparating na pagsusulit at makatanggap ng matataas na marka [30]. Sa larangan ng edukasyon, ang paghahanda ng pagsusulit ng mga mag-aaral ay isang mahalagang hakbang ng pagganap sa akademiko at nangangailangan ito ng paghahanda sa pag-iisip[62]. Nagbibigay-daan ito sa mga mag-aaral na magkaroon ng mga emosyonal na karanasan, na maaaring makaapekto nang malaki kung gaano sila kahusay sa pagsusulit [63]. Gayunpaman, ito ay kinakailangan ng maayos na pagpapalano at paghahanda upang maging maayos ang pagsusulit at masukat nito nang buong katapatan ang mga kasanayan at kabatirang nais sukatin. Sa paghahanda nito ay kinakailangang isulat ang mga aytem na gagamitin sa talahanayan ng ispesipikasyon bilang patnubay hinggil sa kung ilang aytem ang bubuuhin para sa bawat kasanayang susukatin [62].

**Pagkuha ng Tala.** Ang kategoryang ito ay nangangahulugan ng kasipagan ng isang mag-aaral na magtala ng mga importanteng bagay na naitalakay sa klase. Ito ay ang pag-unawa sa alinmang talakayan sa klase para madokumento o marekord ang impormasyon sa pamamagitan ng pagsulat [64]. Mabisang gawain ng mag-aaral upang mayroon itong mapag-aralan sa panahon o oras ng pagsusulit. Ayon kay Van de Sande et al [34], ang pagkilos ng bawat indibidwal sa pagkuha ng mga tala sa mga lektur ay isang napatunayang diskarte na itinuturing na isang pangunahing paraan ng pananaliksik sa maraming mga disiplina. Ang kahalagahang ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay natututo at gumaganap sa isang mataas na antas sa klase [35]. Bukod sa mga benepisyo ng pagkuha ng mga tala para sa sarili, ayon sa pananaliksik, ang pagbabahagi ng mga tala at pagkuha o pagsusuri ng mga tala sa mga pangkat ay kapaki-pakinabang din sa mga mag-aaral [36]. Sa isang *asynchronous* na *online* na kapaligiran sa pag-aaral, sina Baldwin et al. [7] ay nakakita ng mas mahusay na mga resulta ng pag-aaral para sa mga kumukuha ng tala mula sa mga grupo kaysa mga nasa pangkat ng kontrol, na pinayuhan na kumuha ng mga tala nang paisa-isa. Nalaman ni Mueller at Oppenheimer [38] na ang bilang ng mga salita sa mga tala ng mga mag-aaral ay may positibong kaugnayan sa kanilang kakayahang magbalik-aral sa mga konsepto mula sa mga lektur na kanilang dinaluhan.

## 2.2 Ugnayan ng Mga Baryabol

Ang akademikong marka ay kabilang sa pamantayan ng tagumpay sa akademya[8] [9] [10][11]. Ayon kina Narad at Abdullah [3] ang akademikong marka ay ang kaalamang natamo na tinatasa sa pamamagitan ng mga marka ng isang guro o mga layuning pang-edukasyon na itinakda ng mga mag-aaral at guro upang makamit sa isang tiyak na magandang kinabukasan. Gayunpaman, ang pagkuha ng magandang akademikong marka misan ay mapanghamon[39] [40]. Ito ay naapektuhan ng ibat-ibang mga salik katulad ng kalagayang sosyo-ekonomiko[41] [42], ugali at motibasyon ng mga mag-aaral[39] [43],suporta ng mga magulang[44] [45], gawi sa pag-aaral[1] [46] [47] at iba pang nakakaimpluwensya sa akademikong marka ng mga mag-aaral. Ayon sa mga salik na ibinangit, naging interes parin ng maraming dalubhasa ang malaman ng epekto ng gawi sa pag-aaral sa akademikong marka[1] [46]. Kaya, sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay naglalayong ipakita ang naisasagawang pananaliksik ng ibat-bang mga dalubhasaang mga ugnayan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka. Ito ay upang magiging batayan kung ang dalawang baryabol ay may makabuluhang ugnayan ba o wala.

Halimbawa nalang sa pananaliksik na isinagawa ni Sakirudeen at Sanni[46] sa mga piling sekondaryang paaralan sa Uyo Local Education Council na nagtangkang magsasaliksik at tuklasin ang ugnayan sa pagitan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka partikular sa konteksto ng matematika. Base sa nakalap na resulta, ang gawi sa pag-aaral na binubuo ng pagkuha ng tala, paggamit sa silid-aklatan, at pamamahala ng oras ay may ugnayan sa akademikong marka sa larangan ng matematika. Nagpapatunay lamang na kung ang mag-aaral ay mahusay sa pagkuha ng mga tala, madalas na pumupunta sa silid-aklatan at mahusay sa pamamahala ng kanilang oras ay isang malaking kontribusyon sa pagkamit ng magandang akademikong marka.

Gayundin sa resulta sa pananaliksik nina Mirzaei-Alavijeh, Matin, Hosseini, at Jalilian, [47] na naglalayong makita ang ugnayan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka ng mga mag-aaral sa *Kermanshah University of Medical Sciences*. Sa pag-aaral na ito, ang gawi sa pag-aaral ay binubuo ng pamamahala ng oras, pisikal na kondisyon ng mga mag-aaral, kakayahan sa pagbasa, pagkuha ng tala, motibasyon sa pagkatuto, paghahanda sa pagsusulit, at kalusugan sa pag-aaral. Gamit ang pagsusuri ng ugnayan, sa pinagsama-sama at indibidwal na kakayahan, ang gawi sa pag-aaral ay may kaugnayan sa akademikong marka. Nagpapahiwatig lamang na ang kakayahan ng mga mag-aaral na mamahala ng epektibo sa pag-aaral, may magandang kondisyon sa kanilang pisikal na gawi sa pag-aaral, magaling at madalas sa pagbabasa, kumukuha ng tala sa anumang talakayan sa klase, interesado at may motibasyon sa pagkatuto, may magandang memorya, laging handa sa pagsusulit at sa kabuuan may kalusugan sa kanilang pag-aaral ay may malaking tungkulin para makakuha ng kaaya-ayang akademikong marka.

Ang mga resultang ito ay magkahalintulad din sa pag-aaral na ginawa nina Jafari, Aghaei, at Khatony [1] na may layuning makita ang ugnayan sa pagitan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka sa mga mag-aaral ng *medical sciences* sa *Kermanshah-Iran*. Base sa istatistikong resulta, may ugnayan ang mga baryabol. Inilathala ng mga mananaliksik na ang gawi sa pag-aaral ay may malaking ginagampanan sa pagkuha ng magandang akademikong marka gayundin sa magandang hinaharap na karera ng mga mag-aaral.

Gayundin sa kawili-wiling pananaliksik na nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka ay ang pag-aaral nina Kaur at Pathania[48]. Ayon sa may-akda, upang maabot ng mga mag-aaral ang tugatog ng akademikong pagganap upang makakuha ng magandang marka ay kinakailangan nilang may disiplina at pare-pareho na pag-uugali para may magandang gawi sa pag-aaral. Dagdag pa, ang may-akda ay nagsasabi na ang mga mag-aaral na nakakakuha ng malalaking marka ay siyang may epektibong gawi sa pag-aaral kung ikukumpara sa mga mag-aaral na may kakulangan sa kanilang gawi sa pag-aaral.

Sinisiyasat ni Akagah [49] ang impluwensya ng ugali sa pag-aaral sa pagganap ng akademiko ng 420 respondente na binubuo ng *Junior High School*. Ang resulta ay nagsiwalat na sa kabila ng ibat ibang dimensyon ng gawi sa pag-aaral tulad eksaminasyon, takdang-aralin, pagbabasa at pagkukuha ng tala, konsentrasyon, ang pamamahala ng oras lang ang tanging may impluwensya sa gawi ng mga mag-aaral sa pag-aaral.

Sina Nazempour, Hossain, at Rana [7] naman, ay naglalayong madiskubre ang impluwensya ng pagpapahalaga sa sarili at gawi sa pag-aaral sa akademikong marka. Ayon sa resulta, ang gawi sa pag-aaral lang ang may epekto sa akademikong marka. Dagdag pa nila na ang mga gawi sa pag-aaral ay isang kasanayan na tumutulong sa paglago ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

## II. PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

### 2.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *quantitative, non-experimental design*, gamit ang *descriptive-correlational technique*. Ang disenyong ito ay nabibigyang importansyaang mga target na pagtatantya at istatistika, matematika, o pagkanumerona pagsisiyasat sa pamamagitan ng sarbey. Tinatasa nito ang isang hindi pangkaraniwang bagay sa pamamagitan ng istatistikal na pagsusuri [5] [51]. Ang *quantitative, non-experimental* gamit ang *correlational technique* ay ang ginamit dahil hinahanap ng mananaliksik ang pang-unawang mga studyante kung gaano sila kahusay sa pagsasagawa ng *gawi sa pag-aaral* at kung mayroon ba itong ugnayan sa kanilang akademikong marka. Gayundin ang layuning matukoy kung ang mga kategorya ng gawi sa pag-aaral ay

may makabuluhang impluwensya ba sa *akademikong marka* sa konteksto ng San Agustin Institute of Technology.

## 2.2 Lugar ng Panaliksik at Partisipante

Ang mga naging respondente ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa kolehiyo ng San Agustin Institute of Technology. Ang kabuuang bilang ng mga respondente na sumagot sa talatanungan dalawang daan tatlung limang (235) respondente. Sa pananaliksik na ito ang mga respondente ay pinili gamit ang *simple random sampling technique*. Ito ay pinakasimpleng teknik na ginamit ng mananaliksik upang makakuha ng mga sampol na kung saan ang bawat respondente ay may pagkakataong napili o may pantay na pagkakataon na maisama sa sampol [52].

## 2.3 Instrumento ng Pananaliksik

Sa pananaliksik na ito, inangkop sa talatanungan ng sarbey ang ibinigay sa mga kwalipikadong respondente. Ang instrumento ay isinalin sa konteksto upang umangkop sa mga layunin ng pag-aaral sa ilalim ng pamantayan ng kaangkupan, kawalang-kinikilingan, at kasapatan. Ang talatanungan na ginamit sa pag-aaral na ito ay naiakma mula sa pag-aaral ni Angkarini [8] na pinamagatang "*Study Habit of Undergraduate Students During Pandemic of COVID-19*" na may limang-puntong *Likert scale* (5-palaging gingawa at 1-hindi kailanman ginawa). Ang mga instrumentong ito ay dumaan sa *validation test* ng mga dalubhasa upang masuri ang kalinawan ng mga direksyon, malinaw ang layunin, komprehensibo, organisado, at maipresenta nang lohikal. Bilang karagdagan, ang mga talatanungan ay sumailalim rin sa mahigpit na pagsusuri sa pamamagitan ng *reliability test*. Gamit ang *Cronbach's Alpha*, ang instrumento ay nagtala ng 0.973 na nagpapatunay na ang talatanungan ay lubos na mapaniniwalaan o *internally consistent*.

## 2.4 Istatistikong Kagamitan

Ang istatistikong kagamitan sa pagsusuri at pag-aanalisa ng nakolektang datos ay una ay ang *frequency count*. Ito ay ginagamit para matukoy ang bahagdan ng demograpikong datos ng mga respondente. Pangalawa ay ang *mean*, upang masukat ang antas ng mga baryabol sa pananaliksik na ito. Pangatlo naman ay ang *Pearson r Product-Moment Correlation Analysis*, upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng mga kasangkot na baryabol. Ang panghuli ay ang *Multiple Regression Analysis* upang masuri ang mas nakakaimpluwensyang baryabol sa pananaliksik.

## 2.5 Etikal na Patnubay

Sinisigurado ng mga mananaliksik na ang mga etikal na protokol sa pagsasagawa ng pananaliksik ay nasunod. Ang pahintulot mula sa punong-guro ng paaralan at tagapayo sa silid-aralan at pahintulot mula sa mga respondente ay hiniling muna bago isinagawa ang pag-aaral. Ang mga tumugon ay ganap na ipinaalam sa mga layunin ng pag-aaral at ang mga posibleng panganib na kaakibat ng pagsasagawa ng pag-aaral. Hinikayat ang mga respondente na lumahok sa pag-aaral pero hindang-hindi sila pinipilit gawin ito, kung sakaling tumanggi sila. Sa madaling salita, tiniyak ng mga mananaliksik na lahat ng respondente na sasagot sa mga talatanungan ay kusang lalahok lamang sa pag-aaral. Sinigurado ng mga mananaliksik na ang pagkapribado at pagiging kompidensiyal sa personal na impormasyon ng mga respondente ay nasunod nang maayos. Walang personal na impormasyon mula sa mga respondente ang naibunyag. Anumang anyo ng panlilinlang ay iniwasan. Upang matiyak ang pagka-orihinal ng pananaliksik, sinuri ng mga mananaliksik ang kanilang manuskrito sa pamamagitan ng *software* ng *plagiarism*. Ang lahat ng mga isyung etikal ay iniwasan at lahat ng mga etikal na protokol ay sinunod ng mga mananaliksik upang makabuo ng isang kalidad at etikal na pag-aaral.

# III. RESULTA

## 3.1 Demograpikong Propayl

Makikita sa Talahanayan 1 ang bahagdan at bilang ng propayl ng respondente. Base sa nakalap na datos ayon sa kasarian, makikita na mas marami ang bilang ng kababaihan na may 141 o 69% mula sa kabuuang populasyon ng respondente. Gayundin, ang mga kalalakihan ay may bilang na 64 o 31% mula sa kabuuang populasyon. Sa *antas ng taon* ng mga respondente, nasilayan na ang ikatlong taon ang may pinakamataas na bilang at bahagdan na 81 o 40% kung ikukumpara sa iba pang taon. Sa kabilang dako naman, ang may pinakamababang bilang at bahagdan na 25 o 12% ay nakuha sa ika-apat na taon.

**Talananayan 1***Bahagdan ng Demograpikong Propayl*

| <b>Baryabol</b>      | <b>N</b>   | <b>%</b>   |
|----------------------|------------|------------|
| <b>Kasarian</b>      |            |            |
| Lalaki               | 64         | 31         |
| Babae                | 141        | 69         |
| <b>Kabuuan</b>       | <b>205</b> | <b>100</b> |
| <b>Antas ng taon</b> |            |            |
| Unang taon           | 63         | 31         |
| Ikalawang taon       | 36         | 18         |
| Ikatlong taon        | 81         | 40         |
| Ika-apat na taon     | 25         | 12         |
| <b>Kabuuan</b>       | <b>205</b> | <b>100</b> |

**3.2 Antas ng Gawi sa Pag-aaral**

Inilahad sa Talananayan 2 ang antas ng *gawi sa pag-aaral* ng mga mag-aaral ng kolehiyo sa San Agustin Institute of Technology. Nakikita sa resulta na ang pangkalahatang kabuuan sa antas ng *gawi sa pag-aaral* ay nakakuha ng 3.87 at may *standard deviation* na 0.64 na naglalarawan ng “madalas na ginagawa”. Nangangahulugan lamang na ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay may magandang gawi sa kanilang pag-aaral.

Kung susuriin ang bawat isa, ang *pagdadalo at paglalahok* sa klase ay ang may pinakamataas na kabuuang antas sa kategorya ng gawi sa pag-aaral. Ito ay nakakuha ng pangkalahatang kabuuan na 4.10 at *standard deviation* na 0.52 na naglalarawan ng “madalas na ginagawa”. Nangangahulugan lamang na ang may magandang *gawi sa pag-aaral* ang mga estudyante ayon sa *pagdadalo at paglalahok sa klase*. Sa kabilang banda, ang *paghahanda sa pagsusulit* naman ay ang nakakuha ng may pinakamababang kabuuang antas na 3.69 at *standard deviation* na 0.69 kung ikukumpara sa iba pang kategorya, ngunit, naglalarawan parin ito ng “madalas na ginagawa”. Nagpapahiwatig lamang ito na ang mga mag-aaral ay may magandang gawi ayon sa *paghahanda sa pagsusulit*

**Talananayan 2***Gawi sa Pag-aaral*

| <b>Kategorya ng Gawi sa Pag-aaral</b>      | <b>Mean</b> | <b>SD</b>   | <b>Interpretasyon</b> |
|--|-------------|-------------|-----------------------|
| 1. Pagdadalo at Paglalahok sa Klase        | 4.10        | 0.52        | Magandang Gawi        |
| 2. Pangkalahatang Pag-aaral at Estratehiya | 3.92        | 0.61        | Magandang Gawi        |
| 3. Pagkuha ng Tala                         | 3.90        | 0.73        | Magandang Gawi        |
| 4. Pamamahala ng Oras                      | 3.75        | 0.66        | Magandang Gawi        |
| 5. Paghahanda sa Pagsusulit                | 3.69        | 0.69        | Magandang Gawi        |
| <b>Pangkalahatang Kabuuan</b>              | <b>3.87</b> | <b>0.64</b> | <b>Magandang Gawi</b> |

Legend:

| <b>Scale</b> | <b>Limits</b> | <b>Verbal Description</b> | <b>Verbal Interpretation</b> |
|--------------|---------------|---------------------------|------------------------------|
| 5            | 4.21-5.00     | Palaging ginagawa         | Napakagandang Gawi           |
| 4            | 3.42-4.20     | Madalas na ginagawa       | Magandang Gawi               |
| 3            | 2.61-3.40     | Minsan lang na ginagawa   | Katamtaman ang Gawi          |
| 2            | 1.81-2.60     | Bihira lang ginagawa      | Di magandang Gawi            |
| 1            | 1.00-1.80     | Hindi Kailanman ginawa    | Hindi kanais-nais na Gawi    |

### 3.3 Antas ng Akademikong Marka

Makikita sa Talahanayan 3 ang antas ng akademikong marka ng mga nasa kolehiyo na mag-aaral sa San Agustin Institute of Technology (SAIT). Nakapagtala ito ng kabuuang antas na 1.64 at *standard deviation* na 0.36 na nangangahulugang “good”. Ang resulta ay nangangahulugan lamang na ang mag-aaral sa kolehiyo ay nagpakita ng magandang performans sa kanilang pag-aaral. Ayon sa mga nakalap na mga datos batay sa isinagawang pag-aaral, karamihan sa mga mag-aaral ay may populasyon na 102 o 50% kung ibabase sa kabuuang bilang. Sa kabilang dako naman, 4 lang o 2% sa mga estudyante ang nakakuha ng pasadong marka. Gayunpaman, wala sa mga respondente ang nakakuha ng pinakamahasag at lumagbak na grado.

#### Talahanayan 3

##### *Antas ng Akademikong Marka*

| Grading Range | F         | %   | Deskripsyon       | Interpretasyon             |
|---------------|-----------|-----|-------------------|----------------------------|
| 1.0           | 0         | 0   | Excellent         | Katangi-tanging marka      |
| 1.1-1.5       | 102       | 50  | Very Good         | Higit na kaaya-ayang marka |
| 1.6-2.0       | 75        | 37  | Good              | Kaaya-ayang marka          |
| 2.1-2.5       | 24        | 12  | Satisfactory      | Kasiya-siyang marka        |
| 2.6-3.0       | 4         | 2   | Passing           | Mainam na marka            |
| 3.1-3.5       | 0         | 0   | Failure           | Hindi kasiya-siyang marka  |
| Kabuuan       | 59        | 100 |                   |                            |
| Mean= 1.64    | SD = 0.36 |     | Kaaya-ayang marka | Kaaya-ayang marka          |

### 3.4 Correlation Analysis sa pagitan ng Gawi sa Pag-aaral at ng Akademikong Marka

Makikita sa Talahanayan 4 ang pagsusuri sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng *Gawi sa Pag-aaral* at ng *Akademikong Marka* ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng San Agustin Institute of Technology. Nakikita sa resulta na ang *gawi sa pag-aaral* ay mayroong kaugnayan sa *akademikong marka* ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, ang *pamamahala ng oras* ay may *correlation coefficient* na 0.971 at *p-value* na 0.003. Ang sunod ay ang *paghahanda sa pagsusulit* na nakakuha ng *correlation coefficient* na 0.709 at *p-value* na 0.026. Gayundin ang *pangkalahatang pag-aaral at estratehiya* na may *correlation coefficient* na 0.472 at *p-value* na 0.050. Sa kabilang banda, ang *pagkukuha ng tala* ay may *correlation coefficient* na 0.325 at *p-value* na 0.049, at panghuli ay ang *pagdadalo at paglalahok sa klase* na may *correlation coefficient* na 0.157 at *p-value* na 0.025. Sa pangkalahatan, lahat ng kategorya ng gawi sa pag-aaral ay may makabuluhang ugnayan sa akademikong marka.

#### Talahanayan 4

##### *Correlation Analysis sa pagitan ng Gawi sa Pag-aaral at ng Akademikong Marka*

| Gawi sa Pag-aaral                       | Dependent Variable: Akademikong Marka |         |                |
|---|---------------------------------------|---------|----------------|
|   | Correlation Coefficient               | p-value | Interpretasyon |
| Pamamahala ng Oras                      | .971*                                 | 0.003   | Significant    |
| Paghahanda sa Pagsusulit                | .709*                                 | 0.026   | Significant    |
| Pangkalahatang Pag-aaral at Estratehiya | .472*                                 | 0.050   | Significant    |
| Pagkuha ng Tala                         | .525*                                 | 0.049   | Significant    |
| Pagdadalo at Paglalahok sa Klase        | .657*                                 | 0.025   | Significant    |

\*Correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed).

### 3.5 Regression Analysis sa pagitan ng Gawi sa Pag-aaral at Akademikong Marka

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang resulta ng *regression analysis* na isinagawa sa pagitan ng *gawi sa pag-aaral* at *akademikong marka*. Ginagawa din ang nasabing pagsusuri upang makita kung aling kategorya o katangian ng *gawi sa pag-aaral* ang nakaka-impluwensya sa *akademikong marka* ng mga kolehiyong mag-aaral ng San Agustin Institute of Technology (SAIT). Inilahad sa resulta na ang *F-value* ay 36.172 at ang *P-value* ay 0.000 na mas mababa sa .05 na antas ng kahalagahan (*level of significance*). Ito ay nangangahulugan na ang *gawi sa pag-aaral* ay may makabuluhang impluwensya sa *akademikong marka*.

Sa karagdagan, ang *pangkalahatang pag-aaral* at *estrategiya* ay may *beta coefficient* na 0.991 at *p-value* na 0.050. Ang *susunod ay ang pagdadalo* at *paglalahok sa klase* na may *beta coefficient* na 0.953 at *p-value* na 0.011. Gayundin, ang *pamamahala sa oras* na may *beta coefficient* na 0.875 at *p-value* na 0.025. Sa kabilang banda, ang *paghahanda sa pagsusulit* naman ay nakakuha ng *beta coefficient* na 0.873 at *p-value* na 0.030, at panghuli ay ang *pagkuha ng tala* na may *beta coefficient* na 0.825 at *p-value* na 0.050.

Sa panghuli, ang *R-square value* na 0.450 ay nangangahulugan na 45 porsyento ng *akademikong marka* ng mga mag-aaral ay naiugnay at maaaring naipaliwanag sa pamamagitan ng *gawi sa pag-aaral*. Bukod dito, ito ay karagdagang nagpapahiwatig na ang 55 bahagdan ay hindi saklaw sa pananaliksik na ito.

## Talahanayan 5

### *Regression Analysis sa pagitan ng Gawi sa Pag-aaral at Akademikong Marka*

| Gawi sa Pag-aaral                       | Unstandardized Coefficients |            | Standardized Coefficients | t-value | p-value | Interpretasyon     |
|---|-----------------------------|------------|---------------------------|---------|---------|--------------------|
|   | Beta                        | Std. Error | Beta                      |         |         |                    |
|   | (Constant)                  | 84.814     | 1.956                     |         |         |                    |
| Pangkalahatang Pag-aaral at estrategiya | .991*                       | .690       | .203                      | 2.682   | .050    | Significant        |
| Pagdadalo at Paglalahok sa Klase        | .953*                       | .680       | .260                      | 2.578   | .011    | Significant        |
| Pamamahala sa Oras                      | .875*                       | .665       | .265                      | 2.317   | .025    | Significant        |
| Paghahanda sa pagsusulit                | .873*                       | .630       | .234                      | 2.275   | .030    | Significant        |
| Pagkuha ng Tala                         | .825*                       | .662       | .301                      | 2.923   | .050    | Significant        |
|   | R                           |            | .412 <sup>a</sup>         | P       |         | 0.000 <sup>b</sup> |
|   | R <sup>2</sup>              |            | .450                      | S       |         | 3.464              |
|   | F                           |            | 36.172                    |         |         |                    |

\*p<.05

## IV. PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA NATUKLASAN

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng talakayan ng mga resulta ng pagsusuri na may mga suportang literatura para sa pagpapatibay. Ang pagkakasunod-sunod ng talakayan ay ayon sa propayl ng respondente; antas ng *gawi sa pag-aaral*; antas ng *akademikong marka* ng mga mag-aaral; ang kabuluhang kaugnayan sa pagitan ng mga *gawi sa pag-aaral* at *akademikong marka*; at ang kabuluhang impluwensya ng mga *gawi sa pag-aaral* at *akademikong marka*.

### 4.1 Demograpikong Propayl

Sa *pag-aaral* na ito, ang *propayl na respondente* ng mga mag-aaral na nasa kolehiyo ng San Agustin Institute of Technology (SAIT) ay binubuo ng sumusunod; *kasarian*, at *antas ng taon*. Batay sa *kasarian*, ipinapakita ng mga natuklasan na karamihan sa mga respondente ay mga babae. Ang resultang ito ay maipaliwanag ng mga kilalang dalubhasa [53] [55] na nagsasaad na mas marami ang ang kababaihan sa larangan ng edukasyon dahil ang mga kababaihan ay likas na marami sa kanila ang nagpapakita ng mataas



na interes sa pag-aaral. Sa kabilang banda, ang mga kababaihan ay mas nakatuon sa kanilang indibidwal na karera at propesyon sa hinaharap kung kaya mas gumagawa sila ng takdang-aralin at aktibo sa mga aktibidad sa paaralan kung ikukumpara sa mga kalalakihan. Samantala, sa antas ng taon, karamihan sa mga mag-aaral na sumagot sa mga talatanungan ay nagmula sa ikatlong taon at sinundan ng nasa unang taon at ang may pinakaunting sumagot ay nasa ika-apat na taon.

#### 4.2 Antas ng mga Gawi sa Pag-aaral

Base sa deskriptibong resulta, ang mga mag-aaral sa kolehiyo ng San Agustin Institute of Technology ay nagpakita ng magandang gawi sa kanilang pag-aaral. Ito ay dahil sa magandang gawi hanggang sa napakagandang gawi na ibinigay na *rating* mula sa mga sumusunod na kategorya; *pamamahala ng oras*, *pagdadalo at paglalahok sa klase*, *pangkalahatang pag-aaral at estratehiya*, *paghahanda sa pagsusulit* at *pagkuha ng tala*. Nagpapahiwatig lamang na ang mga mag-aaral ay palaging dumadalo sa klase, gumagawa ng magandang estratehiya sa pag-aaral, kumukuha ng tala sa mga talakayan, magaling sa pamamahala ng kanilang oras at gayundin laging handa sa kanilang pagsusulit. Ang mga resultang ito ay sinusuportahan sa proposisyon ng mga kilalang dalubhasa [1][2] [8] [9] [10] na nagtakda na ang magandang gawi sa pag-aaral ay mgakasanayan o responsibilidad na ginagampanan ng isang mag-aaral para matuto sa kanilang pag-aaral o mayroong kahusayansa kanilang mga lugar na pagtutukoyna siyang bunga ng mahusay na marka. Upang ito ay makamit, ang mag-aaral ay kinakailangang magaling sa pamamahala ng oras, masipag sa pagkuha ng tala, kayang mag pokus, at pagtatalaga ng mataas na priyoridad sa pag-aaral.

#### 4.3 Akademikong Marka

Ang *akademikong marka* ng mga nasa kolehiyo na mag-aaral sa San Agustin Institute of Technology (SAIT) ay mahusay (*good*). Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ng kolehiyo ay may kahusayan sa pagganap sa kanilang pag-aaral, may tiyaga, sikap at may mithiin na makakuha ng mataas na marka. Ang mga kasangkapang ito ay mahalaga sa pagkakaroon ng magandang performans sa kanilang pag-aaral na sinasang-ayunan naman ng mga bihasang eksperto [3] na ang magandang akademikong marka ay ang kaalamang natamo na tinatasa sa pamamagitan magandang desiplina sa pag-aaral, may tiyaga, at sikap. Gayundin, ang kakayahan ng mga mag-aaral na makakuha ng mataas na akademikong marka ay marahil sa kanilang pagtutok sa kaligirang pagtuturo, interes at motibasyon. Sina Arshad, Zaidi at Mahmood [56] naman ay nagpapahiwatig din na ang akademikong marka ay sumusukat sa kinalabasan ng edukasyon. Ang mga depinisyon na ibinigay ng mga may-akda ay nagpapakita na ang kahulugan ng akademikong marka ay ang resulta o sukat ng kakayahan at tagumpay ng mag-aaral sa ibat ibang asignaturang pang-akademiko.

#### 4.4 Ang Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Gawi sa Pag-aaral at Akademikong Marka

Isa sa pinakaimportanteng layunin ng pananaliksik na ito ay naglalayong matuklasan ang ugnayan sa pagitan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka sa mga kolehiyong mag-aaral sa San Agustin Institute of Technology. Base sa resulta ng pag-aaral na ito, isiniwalat na ang *gawi sa pag-aaral* ay mayroong positibong asosasyon sa akademikong marka. Nagpapatunay lamang na sa kontekstong pag-aaral na ito na ang gawi sa pag-aaral at ang akademikong marka ay may makabuluhang ugnayan. Ang mga resultang ito ay napapatunayan ng mga iilang dalubhasa. Halimbawa nalang sa pag-aaral ni Sakirudeen at Sanni[46] na ang gawi sa pag-aaral na binubuo ng pagkuha ng tala, paggamit sa silid-aklatan, at *pamamahala ng oras* ay may ugnayan sa akademikong marka sa larangan ng matematika. Ayon sa may-akda na kung ang mag-aaral ay mahusay sa pagkuha ng mga tala, madalas na pumupunta sa silid-aklatan at mahuhusay sa pamamahala sa kanilang oras ay naiiugnay o may kontribusyon sa pagkamit ng magandang akademikong marka.

Gayundin, sa resulta ng pagsasaliksik nina Mirzaei-Alvijeh et al. [47] at Jafari et al., [1] na naglalayong matuklasan ang makabuluhang ugnayan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka. Ang parehong pag-aaral ng mga may-akda ay nagpapakita ng asosasyon sa pagitan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka. Ayon sa mga dalubhasa na ang kakayahan ng mga mag-aaral na mamahala ng epektibo sa pag-aaral, may magandang kondisyon sa kanilang pisikal na gawi sa pag-aaral, magaling at madalas sa pagbabasa, kumukuha ng tala sa anumang talakayan sa klase, interesado at may motibasyon sa pagkatuto, magandang memorya, laging handa sa pagsusulit at sa kabuuan ay may kalusugan sa kanilang pag-aaral ay may malaking tungkulin para makakuha ng kaaya-ayang akademikong performans o marka.

#### 4.5 Ang Makabuluhang Impluwensya ng Gawi sa Pag-aaral sa Akademikong Marka

Isa sa pinakamahalagang layunin sa pag-aaral na ito ay malaman kung may makabuluhang impluwensya ang gawi sa pag-aaral at akademikong marka. Gamit ang *regression analysis*, napag-alaman ang resulta na mayroong impluwensya ang mga gawi sa pag-aaral at akademikong marka ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng San Agustin Institute of Technology. Ang pag-aaral na ito ay sinusuportahan nina Fouche [57] at Ebele at Olofu [14] ang impluwensya ng mabuting gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa paggawa ng kanilang takdang-aralin, aktibong pakikilahok sa klase, pamamahala ng kanilang oras, ang pagiging nakatuon, at

pagsusumikap ay nagpapakita ng makabuluhan at positibong ugnayan sa kanilang akademikong marka. Dagdag pa nila, ang mga mag-aaral ay hindi maaaring gumana at mapabuti ang kanilang akademikong pagganap nang hindi nagkakaroon ng mga gawi sa pag-aaral.

Sa kabilang banda, ang resulta ay naangkop din sa pananaliksik ni Ahmed et al. [50]. Sa pag-aaral na ito, sila ay naglalayong matuklasan ang impluwensya ng pagpapahalaga sa sarili at gawi sa pag-aaral sa akademikong marka. Ayon sa resulta ang gawi sa pag-aaral lang ang may epekto sa akademikong marka. Dagdag pa nila na ang mga gawi sa pag-aaral ay isang kasanayan na tumutulong sa paglago ng pagkatuto ng mag-aaral na siyang dahilan ng pagkakaroon ng magandang akademikong marka.

## V. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### 5.1 KONKLUSYON

Ang sumunod na konklusyon ay nakabatay sa mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral at nakahanay ayon sa layunin ng pag-aaral na ito.

Batay sa kasarian, ipinapakita ng mga natuklasan na karamihan sa mga respondente ay mga babae. Ang resulta ay nagmungkahi na ang populasyon ng estudyante ng kolehiyo mula sa unang taon hanggang ikatlong taon ay halos mga babae. Sa antas ng taon naman, ang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa ikatlong taon, na sinundan ng unang taon at ng ikalawang taon.

Sa *antas ng gawi sa pag-aaral*, nakikita sa resulta na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng magandang gawi sa kabuuan. Nagpahiwatig lamang na na ang mga mag-aaral ay palaging dumalo sa klase, gumawa ng magandang estratehiya sa pag-aaral, kumukuha ng tala sa mga talakayan, magaling sa pamamahala sa kanilang oras at gayundin laging handa sa kanilang pagsusulit. Sa *antas ng akademikong marka* naman, karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mahusay (*good*) na grado. Ang resultang ito ay nagpahiwatig na ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay may kahusayan sa pagganap sa kanilang pag-aaral, may tiyaga, sikap at may mithiin na makakuha ng matataas na marka

Sa pagsusuri gamit ang *correlation analysis* naman, nakitang may makabuluhang ugnayan ang gawi sa pag-aaral at akademikong marka. Ito ay nangangahulugan na ang gawi sa pag-aaral ay may asosasyon sa pagkuha ng magandang marka. Gayundin sa pagsusuri gamit ang *regression analysis*, ang gawi sa pag-aaral ay may makabuluhang impluwensya sa akademikong marka. Ito ay nagpahiwatig na ang mga mag-aaral na palaging dumalo sa klase, gumagawa ng magandang estratehiya sa pag-aaral, kumukuha ng tala sa mga talakayan, magaling sa pamamahala sa kanilang oras at gayundin laging handa sa kanilang pagsusulit ay nakakapagpataas ng akademikong marka

Ang mga nakalap na resulta sa kasalukuyang pag-aaral na ito ay napatunayan ng teorya ng *Attribution Theory* of Weiner [58], *Operant Conditioning* of Skinner [59] and *Transformative Learning Theory* of Mezirow [60] ang makabuluhang ugnayan o impluwensya sa pagitan ng gawi sa pag-aaral at akademikong marka

Ayon sa *Attribution Theory* [58], ang isang tao ay naghahanap na maunawaan kung bakit ginagawa niya ang isang bagay at maaaring maiugnay sa isa o higit pang mga dahilan sa pag-uugaling iyon. Kaya, ang katangian sa pag-iisip at pag-uugali ay maihahalintulad sa gawi ng pag-aaral ng mga mag-aaral na kung saan may mga katangiang katulad ng pamamahala ng oras, pagdadalo at paglalahok sa klase, pangkalahatang pag-aaral at estratehiya, paghahanda sa pagsusulit at pagkuha ng tala dahil nang pagkuha ng magandang akademikong marka na nauugnay sa hinahanap na kahulugan sa mga kaganapan

Ang teorya na *Operant Conditioning* naman ay nagsasaad na ang isang pagkatuto ay resultamulasapagbabagosa pag-uugalingbawattao [59]. Sa teoryang ito, mas binibigyang-diin ang pagpapahalaga sa isang tao lalo na sa mga bagay na nagmula sa pamamagitan ng tamang pagkontrol sa kaniyang sariling kilos. Ang pagkontrol ay isang paraan sa paghubog ng kaniyang sariling pag-uugali bilang kaniyang pagganyak, bilang gabay sa kaniyang makahulugang karanasan mulasapagkatuto. Sa kontekstong pag-aaral na ito, ang akademikong marka ay mapapahalagahan kung ang isang mag-aaral ay may tamang pagkontrol sa kanyang gawain partikular sa mga gawain sa paaralan o may magandang gawi sa pag-aaral

Panghuli ay ang *Transformative Learning Theory* ni Mezirow [60]. Ayon sa teoryang ito na ang mga mag-aaral na tumatanggap ng bagong impormasyon ay sinusuri din ang kanilang mga nakaraang ideya at pag-unawa, at binabago pa ang kanilang sariling pananaw sa mundo habang ginagawa nila ito. Nakasaad dito na kapag naranasan ng mga mag-aaral ang pagkatuto, lumilikha sila ng kahulugan na nagdudulot ng pagbabago sa kanilang mga saloobin, pag-uugali at pag-unawa. Ang teoryang ito ay angkop para sa kasalukuyang pag-aaral dahil sinusuri nito ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagtuturo at pagkatuto para makakuha ng kaaya-ayang akademikong marka.

### 5.2 Rekomendasyon

Ang seksyon na ito ay nagpapakita ng mga rekomendasyon batay sa mga resulta at konklusyon na nakuha mula sa pananaliksik.

**Para sa paaralan,** Nawa ay gumawa ng mga programa o pagbibigay suporta ang paaralan, mga seminar, pagrerebisa ng pamamaraan ng pagtuturo at mga pagganyak na estratehiya sa pagtuturo para nang sa ganun ay mapabuti pa ang kanilang mga gawi sa pag-aaral.

**Para sa mga magulang,** hikayatin ng mga magulang na ipagpatuloy ang kanilang pagkakasangkot at pagsusubaybay ng kanilang mga anak nang sa gayun ay mapabuti pa nang husto ang kanilang gawi sa pag-aaral. Dahil sa kasalukuyang pananaliksik na ito, napatunayan na ang magandang gawi sa pag-aaral ay nakakapagpataas ng akademikong marka.

**Para sa mga mag-aaral,** kinakailangang hihikayatin ang mga mag-aaral na aktibong makikilahok at makikinig sa mga talakayan at aktibidades sa paaralan. Dapat nagsusumite sila ng mga akademikong gawain sa oras at huwag mag-atubiling humihingi ng paglilinaw mula sa kanilang guro kung may mga hindi naiintindihang instruksyon. Dapat hihikayatin silang nasa tiyak na iskedyul o oras habang nasa mga aktibidad sa paaralan, lalong-lalo na sa panahon ng programa na kailangang may pagdadalo at paglalahok nila at dapat naiintindihan nila at tanggap ang mga patakaran sa paaralan.

**Para sa susunod na mga mananaliksik,** makabubuting mas palalawakin pa nila itong pananaliksik upang malaman kung ano pa ang iba pang salik na nakakaapekto sa akademikong marka ng isang mag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay maaari ring isasagawa sa mga iba pang pampubliko o pribadong institusyon at sa ibang antas ng edukasyon katulad ng elementarya, sekundarya at kolehiyo.

## VI. ACKNOWLEDGEMENTS

Nais ng mga mananaliksik na kilalalin ang sumusunod na taong naging bahagi sa matagumpay sa pag-aaral na ito. Dean of College, Program Heads, at Research Director para sa patuloy na suporta, inspirasyon, at paghikayat, gayundin sa mga respondent na aktibong lumahok sa sarbey.

## REFERENCES

- [1] Jafari, H., Aghaei, A., & Khatony, A. (2019). Relationship between study habits and academic achievement in students of medical sciences in Kermanshah-Iran. *Advances in Medical Education and Practice*, 10, 637-643. Retrieved from [https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC\\_C6699491/pdf/amep-10-637.pdf](https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC_C6699491/pdf/amep-10-637.pdf).
- [2] Alavijeh M., Karami-Matin B., Hosseini S. N., & Jalilian F. (2017). Study habits and associated demographic determinants among students of Kermanshah University of Medical Sciences. *Educ Res Med Sci*. 6(1):19–24.5. Retrieved from <http://journals.kums.ac.ir/ojs/>
- [3] Narad, A., & Abdullah, B. (2016). Academic performance of senior secondary school students: Influence of parental encouragement and school environment. *Rupkatha Journal on Interdisciplinary Studies environments*, 8(2), 12-19. <http://dx.doi.org/10.21659/rupkatha.v8n2.02>
- [4] United Nation (2022). *Global learning crisis' continues says Guterres; millions still hit*. Retrieved from <https://news.un.org/en/story/2022/01/1110402>
- [5] Calonia, J. T., Bagsic, J. J. C., Lato, A. S., Listahan, M. D., Fernando, & Bardago, C. S. (2022a). Influence of students' academic stress on their mental health amidst the COVID-19 pandemic. *International Journal of Innovative Science and Research Technology*, 7(6), 893-900. <https://doi.org/10.5281/zenodo.6812565>
- [6] UNESCO (2021). *COVID-19 Educational Disruption and Response*. Retrieved from <https://en.unesco.org/news/covid-19-educational-disruption-and-response>
- [7] Nazempour, R., Darabi, H., & Nelson, P. C. (2022). Impacts on students' academic performance due to emergency transition to remote teaching during the COVID-19 pandemic: A financial engineering course case study. *Education Sciences*, 12(3), 202. <https://doi.org/10.3390/educsci12030202>
- [8] Angkarini, T. (2021). Study habits of undergraduate students during pandemic of COVID-19. *Journal of Learning and Instructional Materials*, 1(1), 37-51 <http://dx.doi.org/10.1080/02680513.2021.1973400>
- [9] Aristeidou, M., & Cross, S. (2021). Disrupted distance learning: The impact of COVID-19 on study habits of distance learning university students. *Open Learning: The Journal of Open, Distance and e-Learning*, 36(3), 263-282. <http://dx.doi.org/10.1080/02680513.2021.1973400>
- [10] Ünal, P. D. (2021). Factors affecting study habits in higher education during the COVID-19 pandemic. *Anatolian Journal of Education*, 6(2), 109-124. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1315616>
- [11] Aristovnik, A., Keržič, D., Ravšelj, D., Tomaževič, N., & Umek, L. (2020). A global student survey "Impacts of the COVID-19 pandemic on life of higher education students" methodological framework. *Data in Brief*, 39, 107659. <https://doi.org/10.1016/j.dib.2021.107659>
- [12] Gumarang Jr, B. K., & Gumarang, B. K. (2021). Unraveling deterioration in the quality of Philippine education. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 2(10), 914-917. <https://doi.org/10.11594/ijmaber.02.10.08>
- [13] CHILDSHOPE (2021). *The current education issues in the Philippines- and how childhope rises to the challenges*. Retrieved from <https://childhope.org.ph/education-issues-in-the-philippines/>

- [14] Ebele U. F., Olofu P. A. (2017). Study habit and its impact on secondary school students' academic performance in biology in the Federal Capital Territory, Abuja. *Educ Res Rev*, 12(10), 583–588. <https://doi.org/10.5897/ERR2016.3117>
- [15] Siah E. A. & Maiyo J. K. (2015). Study of the relationship between study habits and academic achievement of students: A case of Spicer Higher Secondary School, India. *Int J Educ Administration Policy Stud*. 7(7), 134–141. <https://doi.org/10.5897/IJEAPS2015.0404>
- [16] Alyami, A., Abdulwahed, A., Azhar, A., Binsaddik, A. and Bafaraj, S. (2021). sImpact of time-management on the student's academic performance: A cross-sectional study. *Creative Education*, 12, 471-485. <https://doi.org/10.4236/ce.2021.123033>
- [17] Pugh, C. M., & Nathwani, J. N. (2017). *Time management. in success in academic surgery*. Cham: Springer. [https://doi.org/10.1007/978-3-319-43952-5\\_15](https://doi.org/10.1007/978-3-319-43952-5_15)
- [18] Nasrullah, S., & Khan, M. S. (2015). The impact of time management on the students' academic achievements. *Journal of Literature, Languages and Linguistics*, 2015 (11), 66-71. Retrieved from <https://www.researchgate.net/publication/313768789> The Impact of Time Management on the Students' Academic Achievements
- [19] Kumar, P. M., & Aithal, P. S. (2019, October). Importance of time as resource in managing organizations. In *Proceedings of National Conference on Recent Advances in Technological Innovations in IT, Management, Education & Social Sciences* ISBN No. 978-81-941751-6-2, 45-52. Retrieved from [https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=3513000](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3513000)
- [20] Khanam, N., Sahu, T., Rao, E. V., Kar, S. K., & Quazi, S. Z. (2017). A study on university student's time management and academic achievement. *International Journal of Community Medicine and Public Health*, 4(12), 4761-4765. <http://dx.doi.org/10.18203/2394-6040.ijcmph.20175365>
- [21] Bekkering, E., & Ward, T. (2021). Class participation and student performance: a follow-up study. *Information Systems Education Journal*, 19(4), 77-91. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=EJ1310042>
- [22] Akpur, & Uğur (2021). Does class participation predict academic achievement? A mixed-method study. *English Language Teaching Educational Journal*, 4(2), 148-160. <https://doi.org/10.12928/eltej.v4i2.3551>
- [23] Gürer, M. D. (2013). *Utilization of learning objects in social studies lesson: Achievement, attitude and engagement*. (Unpublished master thesis, Middle East Technical University). Retrieved from <https://etd.lib.metu.edu.tr/upload/12615348/index.pdf>
- [24] Albertson, M. E. (2020). *Assessing Teachers' Knowledge and Understanding of Asset-Based Pedagogy and Their Attitudes towards Students at the Middle School Level: An Exploratory Study* (Doctoral dissertation, The University of Arizona). Retrieved from <https://www.proquest.com/openview/96b2705f62c1e87053177e5884ae103f1?pqorigsite=gscholar&cbl=18750&diss=y>
- [25] Schneider, M., & Preckel, F. (2017). Variables associated with achievement in higher education: A systematic review of meta-analyses. *Psychological Bulletin*, 143(6), 565-600. <https://doi.org/10.1037/bul0000098>
- [26] Almoslamani, Y. (2022). The impact of learning strategies on the academic achievement of university students in Saudi Arabia. *Learning and Teaching in Higher Education*, 18 (1), 4-18. <https://doi.org/10.1108/LTHE-08-2020-0025>
- [27] Neroni, J., Meijs, C., Gijsselaers, H. J., Kirschner, P. A., & de Groot, R. H. (2019). Learning strategies and academic performance in distance education. *Learning and Individual Differences*, 73, 1-7. <https://doi.org/10.1016/j.lindif.2019.04.007>
- [28] Chiu, M. M., Chow, B. W.-Y., & McBride-Chang, C. (2007). Universals and specifics in learning strategies: Explaining adolescent mathematics, science, and reading achievement across 34 countries. *Learning and Individual Differences*, 17(4), 344–365. <https://doi.org/10.1016/j.lindif.2007.03.007>
- [29] Montero, C. R., & Arizmendiarieta, B. S. Y. (2017). The effectiveness of a learning strategies program for university students. *Psicothema*, 29(4), 527–532. <https://doi.org/10.7334/psicothema2016.171>
- [30] Rasul, S., & Bukhsh, Q. (2011). A study of factors affecting students' performance in examination at university level. *Procedia-Social and Behavioral Sciences*, 15, 2042-2047. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2011.04.050>
- [31] Darling-Hammond, L., & Hyler, M. E. (2020). Preparing educators for the time of COVID... and beyond. *European Journal of Teacher Education*, 43(4), 457-465. <https://doi.org/10.1080/02619768.2020.1816961>
- [32] Seli, H., & Dembo, M. H. (2019). *Motivation and learning strategies for college success: A focus on self-regulated learning* (6th ed.). New York, NY: Routledge

- [33] Haghverdi, H., Biria, R., & Karimi, L. (2010). Note-taking strategies and academic achievement. *Journal of Language and Linguistic Studies*, 6(1). Retrieved from <https://www.jlls.org/index.php/jlls/article/view/91>
- [34] Van de Sande, C., Abramson, J., & Judson-Garcia, J. (2017). An exploration of note-taking in an online calculus course. *Journal of Computers in Mathematics and Science Teaching*, 36(1), 75–99. Retrieved from <https://www.learntechlib.org/primary/p/174372/>
- [35] Luo, L., Kiewra, K. A., Flanigan, A. E., & Peteranetz, M. S. (2018). Laptop versus longhand note taking: Effects on lecture notes and achievement. *Instructional Science*, 46(6), 947–971. <https://doi.org/10.1007/s11251-018-9458-0>
- [36] Wu, J. Y. (2020). The predictive validities of individual working-memory capacity profiles and note-taking strategies on online search performance. *Journal of Computer Assisted Learning*, 36(6), 876–889. <https://doi.org/10.1111/jcal.12441>
- [37] Baldwin, M. P., Fanguy, M., & Costley, J. H. (2019). The effects of collaborative note-taking in flipped learning contexts. *Journal of Language & Education* Volume, 5(4). <https://doi.org/10.17323/jle.2019.9726>
- [38] Mueller, P. A., & Oppenheimer, D. M. (2014). The pen is mightier than the keyboard: Advantages of longhand over laptop note taking. *Psychological Science*, 25(6), 1159–1168. <https://doi.org/10.1177/0956797614524581>
- [39] Asvio, N. (2022). The influence of learning motivation and learning environment on undergraduate students' learning achievement of management of Islamic education, study program of IAIN Batusangkar In 2016. *Noble International Journal of Social Science Research*, 2(2), 16-31. <http://napublisher.org/?ic=journals&id=2>
- [40] Meinck, S., Fraillon, J., & Strietholt, R. (2022). The impact of the COVID-19 Pandemic on Education: International evidence from the Responses to Educational Disruption Survey (REDS). *International Association for the Evaluation of Educational Achievement*. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=ed618542>
- [41] Abenawe, C. (2022). Evaluation of the relationship between socio-economic status and the quality of education in secondary schools in Ibanda District. *IAA Journal Arts and Humanities*, 9(1), 83-94. Retrieved from <https://www.researchgate.net/profile/Kiu-Publication-Extension/publication/365674172.pdf>
- [42] Aina, C., Baici, E., Casalone, G., & Pastore, F. (2022). The determinants of university dropout: A review of the socio-economic literature. *Socio-Economic Planning Sciences*, 79, 101102. <https://doi.org/10.1016/j.seps.2021.101102>
- [43] Cevahir, H., Özdemir, M., & Baturay, M. H. (2022). The effect of animation-based worked examples supported with augmented reality on the academic achievement, attitude and motivation of students towards learning programming. *Participatory Educational Research*, 9(3), 226-247. <https://doi.org/10.17275/per.22.63.9.3>
- [44] Li, X., Wang, Y. W., & Kim, Y. H. (2022). The moderation of parental support on the relationship between race-related career barriers and academic achievement. *Journal of Career Development*, 49(2), 363-377. <https://doi.org/10.1177/0894845320937353>
- [45] Yau, P. S., Cho, Y., Shane, J., Kay, J., & Heckhausen, J. (2022). Parenting and adolescents' academic achievement: The mediating role of goal engagement and disengagement. *Journal of Child and Family Studies*, 31(4), 897-909. <https://doi.org/10.1007/s10826-021-02007-0>
- [46] Sakirudeen, A. O., & Sanni, K. B. (2017). Study habits and academic performance of secondary school students in mathematics: A case study of selected secondary schools in Uyo Local Education Council. *Research in Pedagogy*, 7(2), 283-297. <https://doi.org/10.17810/2015.65>
- [47] Mirzaei-Alavijeh, M., Matin, B. K., Hosseini, S. N., & Jalilian, F. (2017). Study habits and associated demographic determinants among students of Kermanshah University of Medical Sciences. *Educational Research in Medical Sciences*, 6(1), 19-23. Retrieved from <https://brieflands.com/articles/erms-79640.html>
- [48] Kaur, A., & Pathania, R. (2015). Study habits and academic performance among late adolescents. *Studies on Home and Community Science*, 9(1), 33-35. <https://doi.org/10.1080/09737189.2015.11885430>
- [49] Akagah, F. A. (2011). *Influence of study habits on academic performance of junior high school students in the Gomoa West District*. Unpublished thesis. University of Education, Winneba. Retrieved from [https://www.academia.edu/25997693/Influence\\_of\\_Study\\_Habits\\_on\\_Academic\\_Performance\\_of\\_Junior\\_High\\_School\\_Students\\_in\\_the\\_Gomoa\\_West\\_District\\_of\\_Ghana](https://www.academia.edu/25997693/Influence_of_Study_Habits_on_Academic_Performance_of_Junior_High_School_Students_in_the_Gomoa_West_District_of_Ghana)

- [50] Ahmed, O., Hossain, M. A., & Rana, M. S. (2018). Role of self-esteem and study habit on academic achievement of university students. *Bangladesh Journal of Psychology*, 21(1), 81-92. Retrieved from [https://www.researchgate.net/publication/329044049\\_Role\\_of\\_Selfesteem\\_and\\_Study\\_Habit\\_on\\_Academic\\_Achievement\\_of\\_University\\_Students](https://www.researchgate.net/publication/329044049_Role_of_Selfesteem_and_Study_Habit_on_Academic_Achievement_of_University_Students)
- [51] Creswell, J. (2014). *Research design qualitative, quantitative, and mixed methods approaches*. Thousand Oaks, California
- [52] Etikan, I., & Bala, K. (2017). Sampling and sampling methods. *Biometrics & Biostatistics International Journal*, 5(6), 00149. <https://doi.org/10.15406/bbij.2017.05.00149>
- [53] Fakokunde, J. B. (2020). Influence of social media on students' academic performance as perceived by undergraduate education. *Journal of Education in Black Sea Region*, 6(1), 41-51. <https://doi.org/10.31578/jrebs.v6i1.218>
- [54] DiPrete, T. A., & Buchmann, C. (2013). The rise of women: The growing gender gap in education and what it means for American schools. Russell Sage Foundation. *NASPA Journal About Women in Higher Education*, 9(2), 230-232. Retrieved from <https://www.jstor.org/stable/10.7758/9781610448000>
- [55] Goldin, C., Katz, L. F., & Kuziemko, I. (2006). The homecoming of American college women: The reversal of the college gender gap. *Journal of Economic Perspectives*, 20(4), 133-156. Retrieved from <https://www.jstor.org/stable/30033687>
- [56] Arshad, M., Zaidi, S. M., & Mahmood, K. (2015). Self-esteem & academic performance among university students. *Journal of Education and Practice*, 6 (1), 156-162. Retrieved from <http://www.iiste.org/Journals/index.php/JEP/index>
- [57] Fouche, J. P. (2017). The reported study habits and time-management trends of postgraduate students in accountancy. Retrieved from <http://www.journals.ac.za/index.php/sajhe/article/view/1356>
- [58] Weiner, B. (1980). *Human Motivation*. NY: Holt, Rinehart & Winston.
- [59] Skinner, B. F. (1992). "Superstition" in the pigeon. *Journal of Experimental Psychology: General*, 121(3), 273-274. <https://doi.org/10.1037/0096-3445.121.3.273>
- [60] Mezirow, J. (1997). Transformative learning: Theory to practice. *New Directions for Adult and Continuing Education*, 1997 (74), 5-12. Retrieved from <https://www.ecolas.eu/eng/wp-content/uploads/2015/10/Mezirow-Transformative-Learning.pdf>
- [61] Vettori, G., Vezzani, C., Bigozzi, L., & Pinto, G. (2020). Upper secondary school students' conceptions of learning, learning strategies, and academic achievement. *The Journal of Educational Research*, 113(6), 475-485. <https://doi.org/10.1080/00220671.2020.1861583>
- [62] Darling-Hammond, L., & Hyler, M. E. (2020). Preparing educators for the time of COVID... and beyond. *European Journal of Teacher Education*, 43(4), 457-465. <https://doi.org/10.1080/02619768.2020.1816961>
- [63] Seli, H., & Dembo, M. H. (2019). *Motivation and learning strategies for college success: A focus on self-regulated learning* (6th ed.). New York, NY: Routledge